# Ang Isang Tagpo na Iyong Haharapin

Joel Beeke

Minamahal na mambabasa,

Ikaw at ako ay maaaring hindi magkakilala; marahil hindi natin kailanman makita ang isa't isa. Gayunpaman, nais kong magsulat ng isang personal na liham sayo.

Sumusulat ako sa iyo dahil ikaw at ako ay may higit na pagkakatulad kaysa sa naiisip mo. Kahit na hindi na tayo magtagpo sa mundong ito, balang araw ang isa't isa sa atin ay magkikita dahil pareho tayong nagtataglay ng hindi namamatay na kaluluwa. Sa kaluluwang ito, tayong dalawa ay haharap sa Diyos, sa iyo at sa aking Manlilikha, sa dakilang araw ng paghuhukom. "Itinakda sa mga tao na minsan lamang mamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom" (Heb 9:27).

Maaari mong gawin ang lahat sa iyong makakaya upang ilayo sayong isipan ang kamatayan. Ngunit hindi mo matatakasan ang katotohanang ikaw ay mamamatay. Alam mo na sa'yong pagkamatay ay haharap ka sa Diyos. Marahil ay nag-aatubili kang isipin ang tungkol sa kamatayan dahil alam mo rin na ang paghuhukom ay kasunod ng kamatayan kagaya ng gabi na sumusunod sa araw. Sa buong kaseryosohan, samakatuwid, maaari ko bang ipilit sa iyo ang isang mas makabuluhang tanong na ito: Ano ang mangyayari sa iyo kapag namatay ka?

Ang Bibliya, budhi, at sentido komun(common sense), lahat ay nagpapahayag sa iyo na may kawalang-hanggan na dapat mong harapin. Samakatuwid, huwag iwasan ang tanong na ito para sa iyong sariling kapakanan: Handa ba akong mamatay at harapin ang Diyos bilang Hukom?

Ikinalulungkot kong sabihin sa iyo na milyon-milyong tao ngayon ang iniisip na handa **silang** makatagpo ang Diyos na magwawakas sila sa impiyerno pagkatapos ng dakilang araw ng paghuhukom. Ito ang sinasabi sa atin ng Diyos sa Kanyang Banal na Kasulatan: "[22] Sa Araw ng Paghuhukom marami ang magsasabi sa akin, 'Panginoon, hindi po ba't sa iyong pangalan ay nangaral kami, nagpalayas ng mga demonyo at gumawa ng mga himala?' [23] Ngunit sasabihin ko sa kanila, 'Hindi ko kayo kilala. Lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan.'"(Mat 7:22-23).

Naisip mo ba kung gaano kakila-kilabot ang paggising ng mga naglalakbay sa buhay na ito, na iniisip na ang lahat ay maayos sa kanila, na marinig sa araw na iyon habang sila ay nakatayo sa harap ng Kataas-taasang Diyos, "Hindi ko kayo kilala"? Hindi mailalarawan ng mga salita ang paghihirap ng kaluluwa dahil ang pangungusap na ito ay ipapasa sa kanila: "Lumayo kayo sa

akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan." " Ikaw ba at ako ay mabibilang din sa mga bigong "marami" na binanggit ni Kristo sa Mateo 7?

Mahal na mambabasa, mangyari nawang bigyan mo ako ng limang minuto ng iyong oras upang subukang ipakita sa iyo kung sino ang mapupunta sa impiyerno at kung sino ang mapupunta sa langit.

## Ang Malawak na Daan tungo sa Walang Hanggang Kapahamakan

Una, dapat kong matapat na sabihin sa iyo na ipinaalam sa atin ng Bibliya sa Mateo 7 na ang karamihan sa mga tao ay mapupunta sa impiyerno. "Sapagkat maluwang ang pintuan at malapad ang daang papunta sa kapahamakan, at ito ang dinaraanan ng marami: Ngunit makipot ang pintuan at makitid ang daang papunta sa buhay, at kakaunti ang nakakatagpo niyon." Marahil ito ay mukhang malupit sa iyo, ngunit ang malungkot na katotohanang ito ay totoo hindi dahil ang Diyos ay malupit; sa halip, tayo ay malupit sa ating sarili. Kusa nating sinusuway ang ating Manlilikha at hinahamak ang Kanya pag-ibig, habang tinatapakan ang Kanyang mga utos, na ibinigay para sa ating tunay na kapakanan. Dahil sa gayong paghihimagsik at kasamaan, lahat tayo ay nagkamit ng parusang kamatayan at pagkaka-impiyerno. Ito lamang ang dalawang bagay na marapat sa atin, "sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Rom 3:23) at "kamatayan ang kabayaran ng kasalanan" ((Rom 6:23).

Anong mga uri ng mga tao ang kabilang sa napakaraming tao na ito na patungo sa impiyerno?

1. **Lahat ng makasalanang tao** ay magwawakas sa impiyerno. Kabilang dito ang mga taong hayagang namumuhay nang masama, gumagawa ng mga bagay na tulad ng:

- Paggugol ng kanilang oras sa mga bahay aliwan at ang kanilang pera sa inumin at droga,
- Pakikipag-ugnay sa immoral na relasyon at pakikipagtalik,
- Pagtrato sa araw ng Linggo bilang isa lamang ordinaryong araw sa buong linggo,
- Araw-araw na panonood ng hayagang pagpapakita ng kasalanan sa isang TV screen,
- Lantarang panunumpa laban sa Diyos sa pamamagitan ng paggamit ng Kanyang Banal na Pangalan sa walang kabuluhan,
- Pamumuhay ng isang buhay ng paghihimagsik laban sa mga magulang at awtoridad na ibinigay ng Diyos.

Ang gayong masasamang tao ay magwawakas sa impiyerno maliban kung sila ay dalhin sa tunay na pagsisisi at pagbabago sa pamamagitan ng makapangyarihang biyaya ng Diyos. Isa ka ba sa grupong ito? Kung gayon, hinihimok ko kayo na hanapin ang pagsisisi, pagtatapat, at nagbabagong biyaya ng Diyos, bago maging huli ang lahat para hanapin ang Panginoon!

2. **Lahat ng makamundong tao** ay magwawakas sa impiyerno. Yaong mga taong mapupunta sa impiyerno na umiiwas sa mabibigat na kasalanan, ngunit ang mga buhay ay kaugnay ng sanlibutan, na namumuhay nang walang pasanin kapag patuloy nilang ginagawa ang mga bagay tulad ng:

- Paglagak sa sarili na higit na mataas sa harap ng Diyos,
- Labis na pagpapahalaga sa mga ari-arian ng makamundong kayamanan kaysa sa kayamanan ng biyaya ng Diyos,
- Pagtaguyod sa mga hangarin ng ibang tao na higit sa kalooban ng Diyos gaya ng kapahayagan sa Kanyang Salita,

- Higit na pagpapahalaga sa mga pangangailangan ng pang-araw-araw na buhay kaysa sa pangangailangan ng isang Tagapagligtas para sa kanilang walang kamatayang kaluluwa,
- Pagsasaalang-alang sa mga kinahinatnan o bunga ng kasalanan na mas kalunus-lunos kaysa sa pagkakasala mismo at paglaban sa kanilang banal na Manlilikha na nagbubuhos sa kanila ng mga pagpapala,
- Paniniwala na mas mahalaga kung ano ang iniisip ng kanilang mga kapwa-tao at kaibigan sa kanila kaysa sa iniisip ng Diyos sa kanila.

Ang mga ito ay magtatapos sa impiyerno malibang sila ay dalhin sa tunay na pagsisisi at pagbabago sa pamamagitan ng kapangyarihan ng biyaya ng Diyos. Isa ka ba sa grupong ito?

Kung gayon, dapat kong sabihin sa iyo: Ang langit mismo ay hindi magiging kaligayahan sa iyo kung dumating ka roon, sapagkat ang Panginoon ng langit ay hindi mo kaibigan—ang nakalulugod sa Kanya ay hindi mo ikinalulugod; ang hindi Niya gusto ay hindi nakakasakit sayo. Ang Kanyang Salita ay hindi mo tagapayo; Ang Kaniyang araw [sabbath rest] ay hindi mo kagalakan; Ang Kanyang utos ay hindi mo gabay. Wala kang pakialam sa pakikinig sa Kanya; Napakakaunti ng nalalaman mo na pakikipag-usap sa Kanya. Ang makasama Siya magpakailanman ay isang bagay na hindi mo matitiis; ang lipunan ng mga banal at mga anghel ay nakakasawa sa iyo. Kung tungkol sa iyong praktikal na buhay, maliit ang pakinabang ng Bibliya, mas maliit ang halaga ni Kristo, at ang kaligtasan ay isang bagay na hindi kailangan. “Gumising ka, ikaw na natutulog, bumangon ka mula sa libingan, at liliwanagan ka ni Kristo.”...Hindi ninyo maaaring paglingkuran nang pareho ang Diyos at ang kayamanan” (Eph 5:14; Mat 6:24).

3. **Maraming relihiyosong mga tao** ang magwawakas sa impiyerno. Maaaring mapunta sa impiyerno bagama’t tayo ay matatapat na dumadalo sa simbahan, guro sa Sunday School, at maging mga ministro. Ang relihiyon ay maaaring maging paborito nating paksa, ang ating paguusap ay maaaring tungkol sa Diyos at kay Kristo, at ang ating panlabas na buhay ay maaaring maging walang kapintasan—lahat nang ito ay hindi nagliligtas ng ating kaluluwa mula sa kapahamakan.

Maaari tayong maging kasing relihiyoso ng limang huwad na birhen sa Mateo 25, na nagtataglay ng parehong pagtatapat, parehong inaasahan, parehong mga ilawan, at parehong panlabas na anyo ng limang matalinong mga birhen—at namatay pa rin sila. Maaari tayong maging kasing relihiyoso ni Ahab na sinasabi ng Kasulatan, “...pinunit niya ang kanyang damit, nagsuot ng damit-panluksa kahit sa pagtulog. Nag-ayuno siya bilang tanda ng malaking kalungkutan.” (1Ki 21:27)—at hindi pa rin nabago.

Posibleng maranasan ang karaniwang **paghatol** sa kasalanan at mga impresyon sa Diyos at ng Kanyang mga banal na katangian—kahit na kilalanin ang kasalanan at bahagyang magpakumbaba sa ilalim nito, umiyak at manalangin para dito, matakot na magkasala muli—ngunit hindi pa rin makapasok sa kaharian ng langit. Isipin na lamang sina Cain, Saul, at Judas.

Kailangan natin ng higit sa kalahating-puso na pag-rerelihiyon at pagdalo sa simbahan. Kailangan natin ang hindi maitanggi, nagbabagong-buhay na gawain ng Banal na Espiritu upang maipanganak muli at mabago. Saka lamang natin mamahalin ang Diyos nang buong pagkatao—ang pangunahing sangkap na nawawala sa mga naunang halimbawa—at nagnanais sa Diyos tulad ng isang uhaw na tao na nananabik sa malamig na tubig. Saka lamang natin makakaya sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos na maging handa sa pagharap sa Panginoon. “Kaya’t mag-ingat ka, baka ang liwanag na inaakala mong nasa iyo ay kadiliman pala” (Luk 11:35).

Paano ko malalaman kung ako ay kasama sa mga patungong langit?

## Ang Makitid na Daan tungo sa Buhay na Walang Hanggan

Ang lahat ng makakarating sa langit ay magtatapat ng kanilang kaligtasan bilang isang dakilang himala ng libreng biyaya ng Diyos. Lahat sila ay mga kaluluwang tunay na isinilang na muli sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (tingnan ang Juan 3). Sila ay mga tao na binago ng Diyos. Sa kanilang pagbabago ay nakararanas sila ng tatlong bagay: **(1)** taos-pusong kalungkutan sa kanilang sariling pagkamakasalanan, **(2)** taos-pusong kagalakan sa kaligtasan kay Jesu-Kristo, at **(3)** taos-pusong pasasalamat sa Diyos para sa Kanyang dakilang kaligtasan (basahin ang Roma 7:24-25; Awit 50:15).

**1. Taos-pusong kalungkutan sa kanilang sariling pagkamakasalanan**

Kapag ang Banal na Espiritu ay nagsimulang gumawa ng kaligtasan sa isang makasalanan, hindi Siya nagsisimula na ihayag si Kristo sa kanya. Sa ating likas na pagkatao, walang puwang si Kristo sa ating mga puso. Sa halip, inihaharap Niya ang isang makasalanan sa kanyang kalunos-lunos na paghihirap at mapanganib na kalagayan ng pagkakasala sa harap ng Diyos. Ang makasalanan ay dinadala sa karanasan ng:

- taos-pusong kalungkutan sa kanyang hindi mabilang na aktwal na mga kasalanan sa isip, salita, at gawa laban sa isang Diyos na nakakaalam ng lahat;
- taos-pusong kalungkutan sa pamumuhay na walang Diyos, walang Kristo, at walang pag-asa sa mundo;
- taos-pusong kalungkutan sa kanyang kakila-kilabot na pagkakasalang likas sa pamamagitan ng kanyang malalim na pagkahulog kay Adan, na itinuro sa kabuuan ng kanyang puso na isang bukal ng polusyon at katiwalian;
- taos-pusong kalungkutan hindi lamang dahil ang pasanin ng kasalanan ay nagiging masyadong mabigat para dalhin, ngunit dahil din nakita niyang imposible na palayain siya nito.
- taos-pusong kalungkutan kapag siya ay dinala sa punto kung saan napagtanto niya na hindi niya mailigtas ang kanyang sarili at gayon pa man nangangailangang s'ya ng pagliligtas para dumaing ng, "Panginoon, Ikaw ay matuwid at makatarungan upang itakwil ako magpakailanman, ngunit maaari bang may paraan sa Iyo upang makatakas sa Iyong banal na parusa at maibalik sa Iyong kabutihang-loob?"

Naging tulad ka rin bang nababahala, miserable, hindi karapat-dapat, nagkasala, at naligaw na makasalanan—isang makasalanan na nakakaalam sa pamamagitan ng karanasan na walang pag-asa ng kaligtasan mula sa iyo?

**2. Taos-pusong kagalakan sa kaligtasan kay Jesu-Kristo**

Kapag ang makasalanan ay naranasan na wala siyang hinaharap kundi ang kahatulan sa kanyang sarili, at ang Banal na Espiritu na nag-uudyok sa kanya na ilagay ang kanyang sarili sa Diyos bilang ang tanging lugar ng kanlungan, ang Banal na Espiritu ang maghahayag ng Diyos sa napakasaganang paraan ng kaligtasan at pagpapalaya sa pamamagitan ng dugo at kasapatan ng Panginoong Jesu-Kristo. Ang makasalanan ay dinadala sa karanasan ng:

- pangangailangan para kay Kristo;
- pagtingin sa ilang aspeto ng pagbabayad-sala ni Kristo ng may kagandahan, kabuuan, at pagiging angkop nito;

- paghahayag ni Kristo sa kanyang kaluluwa sa pamamagitan ng Salita at Espiritu kung saan natutunan niya ang kabuuan ng pagsunod ni Kristo sa kautusan at ganap na pinasan ang kaparusahan ng kasalanan para sa mga bumagsak at hindi karapat-dapat na mga makasalanan;
- paggamit kay Kristo kung saan maaari niyang yakapin si Kristo nang may labis na kagalakan bilang kanyang Tagapagligtas at kanyang kaligtasan.

Naranasan mo na rin ba si Kristo bilang dakilang paraan ng pagpapalaya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na naglalapat ng Salita ng Diyos sa iyong kaluluwa? Nagdulot ba ito sa iyo ng pagnanais na makilala si Kristo nang labis-labis bilang lahat-lahat sayo—na kilalanin Siya nang may karanasan bilang tanging, kusang-loob na Tagapagligtas na nagliligtas hanggang sa sukdulan?

**3. Taos-pusong pasasalamat sa Diyos para sa Kanyang pagliligtas**

Bilang pangwakas, ang mga tunay na nakakaranas ng paraan ng kaligtasan ng Diyos kay Jesu-Kristo ay magpapahayag din ng buong pusong pasasalamat para sa gayong dakilang pagliligtas: “Ano ang aking isusukli sa PANGINOON sa lahat niyang kabutihan sa akin?” (Awit 116:12). Ninanais nilang isuko ang lahat, kaluluwa at katawan, para sa oras at kawalang-hanggan, sa mga kamay ng Panginoon, mahiga sa Kanyang paanan sa tunay na pagpapasakop, at nagpapahayag na: “Masunod nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit.” Sa kabila ng maraming pagkukulang sa ating bahagi, hangarin na natin na mamuhay sa kaluwalhatian ng Diyos higit sa lahat, at mapagmahal na paglingkuran ang ating kapwa para sa kanyang espirituwal at nauukol na kapakanan.

Mahal na mambabasa, suriin ang iyong sarili.

## Aling Daan ang Nilalakbay Mo?

Ikaw ba ay naglalakbay sa malawak na daan patungo sa walang hanggang pagkawasak o sa makipot na daan patungo sa buhay na walang hanggan? Sa mundong ito maraming iba’t ibang mga daan, ngunit sa espirituwal na mundo mayroon lamang dalawa, at ang dalawang ito ay hindi kailanman nagsasalubong. Sila ay magkasalungat sa isa’t isa gaya ng kadiliman sa liwanag, si Satanas sa Diyos, kalikasan sa biyaya, at impiyerno sa langit. Tanging ang Diyos, sa Kanyang malayang biyaya, ang makapag-aalis sa atin sa malawak na daan patungo sa pagkawasak at maglagay sa atin sa makipot na daan patungo sa buhay na walang hanggan.

Makasalanan, isinasamo namin sa iyo, talikuran mo ang iyong makasalanan at masasamang paraan. Dumaing para sa tunay na pagbabago mula sa Kanya na hindi lamang nagsabing, “Kailangan ninyong ipanganak na muli,” ngunit nagpatotoo rin sa Kanyang sarili, “Ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawawala.” Ang iyong kaluluwa ay nawawala at ang iyong kalagayan ay kahabag-habag; kaya nga, magsumamo ka sa Panginoon na ipakita ito sa iyo, upang magkaroon ng silid sa loob mo para sa mensahe ng ebanghelyo ni Jesu-Kristo at Siya na ipinako sa krus.

Pahintulutan mo akong iwanan ka ng isang huling babala. Sa dalawampu’t pitong aklat ng Bagong Tipan, ang impiyerno ay binanggit ng 234 beses. Kung ang daan ng buhay ay dalawampu’t pitong milya ang haba, at mayroong 234 na mga “billboard” sa rutang ito na lahat ay nakasulat, “Ang daan na ito ay patungo sa impiyerno,” mananatili ka ba sa kalsadang iyon? Hangga’t ikaw ay hindi nagsisisi, hindi naniniwala, walang Kristo, nasisiyahan sa sarili na makasalanan, ikaw ay nasa daan na ito patungo sa impiyerno. Ang impiyerno ay ang katapusan ng isang makamundong buhay o relihiyosong buhay na nananatiling walang Kristo.

Ang maikling mensaheng ito ay isa pa ring "billboard" na ipinadala ng Diyos sa iyo sa iyong landas ng buhay upang balaan ka na ang lahat ng mga paraan ng tao ay nagtatapos sa kamatayan. "Inyong hanapin ang Panginoon samantalang siya'y masusumpungan, magsitawag kayo sa kaniya samantalang siya'y malapit" (Isa 55:6).

Ilang "billboard" pa ang ipapadala ng Panginoon sa iyo bago maubos ang Kanyang pasensya, at tinutupad Niya ang Kanyang sariling Salita: "Itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, ngunit pagkatapos nito ay ang paghatol"? Magmadali, makasalanan, para sa iyong buhay. Ang hibla ng iyong buhay ay hindi pa napuputol, ngunit ito ay lalong nagiging manipis at malutong. Tinatawag ka pa rin ng Panginoon, "Sabihin mo sa kanila, Buháy ako, sabi ng Panginoong Dios, wala akong kasayahan sa kamatayan ng masama; kundi ang masama ay humiwalay sa kaniyang lakad at mabuhay: manumbalik kayo, manumbalik kayo na mula sa inyong masasamang lakad; sapagka't bakit kayo mangamamatay?" (Eze 33:11).

Bukas pa rin ang pintuan ng biyaya. Ang trono ni Kristo ay hindi pa nakasara. Pakikinggan mo ba ang Kanyang tinig bago pa maging huli ang lahat? "Hagkan ninyo ang anak, baka magalit siya, at kayo'y mangapahamak sa daan, Sapagka't ang kaniyang poot ay madaling magalab. Mapapalad ang nanganganlong sa kaniya" (Psa 2:12).

Ang lahat ng nabuhay nang walang Diyos sa lupa ay magiging walang Diyos sa impiyerno. Gaano kahirap ang karanasan ng mayamang lalaki sa Lucas 16, "Sa impiyerno ay itiningin niya ang kanyang mga mata, na nasa pagdurusa...At siya ay sumigaw...Ako ay naghihirap sa apoy na ito."

Mahal na kaibigan, nais kong balaan ka nang may pagmamahal. Ikaw at ako ay hindi makakatakas sa kamatayan. Ito ay isang tagpo na ating haharapin—anuman ang mangyari.

Handa ka na bang mamatay?

If you would like more information, please use the contact information below:

**CHAPEL LIBRARY**
**2603 West Wright Street**
**Pensacola, Florida 32505 USA**

*Phone: (850) 438-6666 • Fax: (850) 438-0227*
*chapel@mountzion.org • www.ChapelLibrary.org*